

ANG

Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Taon XXXII Blg. 6


Hunyo 2002

Editoryal

Labanan ang mabilis na nag-iibayong armadong interbensyon ng US sa bansa

Higit na pinatutunayan ng pinakahuling mga pangyayari at mga deklarasyon ng Malakanyang ang papabilis na pagtaas ng antas ng interbensyon militar ng US sa bansa at ang kahalagahan ng puspusang isulong ang malawakang kilusan laban dito.

Nitong Hunyo 3, pinagkaisahan na ng GRP at ng US sa pamamagitan nina Gloria Macapagal-Arroyo at US Deputy Defense Sec. Paul Wolfowitz ang pagsanib ng mga tropang Amerikanong kalahok sa Balikatan 02-1 sa mga operasyong antas-kumpanya ng AFP at pagpaket nila sa labas ng Basilan—para saklawin ang Zamboanga Peninsula at iba pang lugar kung saan nagaganap mismo ang mga sagupaan sa pagitan ng AFP at bandidong Abu Sayyaf. Ayon kay



Wolfowitz, isang pagkakamali ang magtuon ng pansin sa isang isla lamang. Lantaran na niyang sinabi na bukas ang US na makialam sa Pilipinas lagpas pa sa paglulunsad ng mga “pagsasanay-militar”.

Mahigpit ding ipinanukala ni Wolfowitz ang ekstensyon ng pananatili ng mga tropang Amerikanong “nagsasanay ng mga sundalong Pilipino” sa Mindanao. Ipinalahayag na ng gubyerno ni Macapagal-Arroyo ang

pagiging bukas nito sa panukala. Sinabi na rin ni Roilo Golez, ang National Security Adviser, na walang pangangailangang baguhin pa ang Terms of Reference para sa pagpapalawig ng presensya ng mga sundalong Amerikano sa bansa.

Kaugnay ng mga ito, mahigpit ding iginigiit ng US sa pamamagitan ni Wolfowitz ang pagpirma ni Macapagal-Arroyo sa Mutual Logistics Support Agreement (MLSA). Aniya, kailangan ito para umano masimulan ng US at Pilipinas ang bagong mga hakbangin kaugnay ng pagtutulungan sa kampanya laban sa terorismo sa bansa at sa Southeast Asia. Kapalit umano nito ang karagdagang ayudang militar ng US para sa AFP.



NILALAMAN

Taon XXXII Blg. 6 Hunyo 2002

- 1 Editorial: Labanan ang mabilis na nag-iibayong armadong interbensyon ng US sa bansa
- 3 Komedyta sa Senado at Kongreso
- 4 BEC: Dagdag na salot sa sistema ng edukasyon
 - (5) Kolonyal na oryentasyon (6) Hinggil sa pagtataas ng matrikula
- 7 Mga magsasaka sa Bikol, umaani ng tagumpay
- 8 Ang *Iusong* ni Mang Jose
- 9 DYnastiya sa Isabela
 - (10) Mga negosyo ni Dy, poprotektahan ng CAFGU
- 11 Pananalanta ng pasistang estado
 - (12) Lansakang paglabag sa mga karapatang-tao sa Mindoro
- 13 Mga anti-globalisasyong pagkilos, sumusulong
- 14 Mga kilusang masa laban sa mga imperialistang dikta, lumalakas sa buong daigdig
- 15 Palayain ang mga detenidong pulitikal sa buong mundo!
- 16 Balita



Sa pag-aprubra sa MLSA, mag-kakaroon ang imberyalismong US ng karapatang gumamit ng anumang pasilidad, saan man sa bansa, kailanman naisin at gaano man katagal para sa pwersang militar nito. Makapagtatayo rin ito ng mga pasilidad na pag-iimbakan ng mga armas sa bansa.

Napakalinaw na sa gayong mga tinutungo ng mga pang-yayari ay pinag-iibayo at binibilisan ng US ang pagpapalawak at pagiging permanente ng pagbabase ng mga sandatahang pwersa nito sa Pilipinas. Habang lumalaon, ibayong lumalaki ang banta ng paglulunsad ng magkasanib na mga operasyong militar ng AFP at mga tropang Amerikano laban sa pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan.

Ang pagkamatay ng mga bihang ng Abu Sayyaf na sina Martin Burnham at Ediborah Yap sa isang bigong *rescue operation* nitong Hunyo 7 sa Sirawai, Zamboanga del Norte at ang pagkabawi kay Gracia Burnham ay isinasangkalan ng US at ng rehimeng Macapagal-Arroyo para lubusin ang kawalang pakundangan ng mga pinagsanib na operasyon ng mga tropa ng US at AFP sa Mindanao at lalo pang itulak ang interbensyon militar ng US sa bansa. Sa harap ng pangyayari, idineklara ni Macapagal-Arroyo na ang “paglaban sa kahirapan at terorismo”, na dati umano'y nakatuon lamang sa pagtugis sa Abu Sayyaf sa Basilan at Zamboanga del Norte, ay hindi na ililimita sa mga lugar na ito kundi sasaklaw na sa iba pang dako ng bansa.

Habang naghahanda ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa lumalaking banta ng armadong agresyon ng US, dapat puspusang pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan laban sa imberyalistang interbensyon. Dapat ubos-kayang kumilos ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan upang pigilin at labanan ang lumalalang interbensyon ng US, palayasin ang lahat ng tropang mananakop at patalsikin ang rehimeng Macapagal-Arroyo na todo-todong nakikipagkutsabahan sa US para lapastanganin ang soberanya ng bansa. AB

Komedya sa Senado at Kongreso

Matagal nang kinamumuhian ng mama-mayan ang senado at kongreso at ang kabuuhan ng reaksyunaryong estado at sistema dahil sa kabulukan at kainutilan ng mga ito. Katulad ng iba pang sangay ng gubyerno, mga instrumento ito ng mga naghaharing uri sa pang-aapi, panlilinlang at pagnanakaw sa bayan.

Lalong naging kamuhi-muhi ang mga ito dulot ng malaking komedya na ginawa kamakailan ng magkaribal na paksyon ng mga reaksyunaryong uri sa senado at kongreso.

Matatandaang makaraang makuha ng naghaharing pangkatin ang mayorya sa senado noong 2001, ang dati nang pabaling-baling na si Sen. John Osmeña ay lumipat sa panig ng administrasyon. Kapalit nito'y ang pagtalaga sa kanya bilang tagapangulo ng makapangyarihang komite sa pinansya ng senado at pagtamasa niya ng iba pang pabor mula sa Malakanyang. Iisang boto ang lamang ng naghaharing paksyon.


Kayat nang nagkataong nasa labas ng bansa si Sen. Ramon Revilla para magpagamot at muling bumaling si Osmeña sa oposisyon, biglang nakuha ng mga ito ang mayorya sa senado.

Ngunit hindi ito sapat para palitan ang pamumuno ng senado kayat nanatiling hawak ito ng naghaharing paksyon sa katauhan ni Senate Pres. Franklin Drilon. Sa pangunguna ni Drilon, ang senado ay kaagad isinara ng mga maka-administrasyong senador. Ipinagpatuloy naman ng oposisyon ang mga sesyon ng senado at nagpasa rin ng batas nang

wala nang partisipasyon ang mga maka-administrasyong senador.

Agad ring isinara nina Speaker Jose de Venecia ang kongreso at kinandaduhan nila ang bulwagan, bilang pagsuporta sa mga maka-administrasyong senador. Tulad ng ginawa sa senado, ipinagpatuloy din ng mga kongresman ng oposisyon ang mga sesyon sa labas ng bulwagan ng kongreso, gamit ang martilyo sa halip na malyete (*gavel*—simbolo ng awtoridad).

Ang reaksyunaryong gubyerno ay mayroon ngayong dalawang senado at dalawang kongreso. Kapwa sila naggigiitang sila ang lehitimo. Bunga nito, napaparalisa ang ilang gawain ng reaksyunaryong gubyerno. Seryosong-seryoso ang mga oportunistang senador at kongresman sa ginawa nilang mga maniobra, ngunit pinagtatawanan at kinainisan lamang sila ng mamayan. AB




Dagdag na salot sa sistema ng edukasyon

Pinailalim ngayong Hunyo ng Department of Education (DepEd) ang lahat ng pam-publikong paaralan, mula Grade 1-5 at mula sa First hanggang Third Year sa hayskul, sa Basic Education Curriculum (BEC). Laman ng kurikulum na ito ang limang *subject*: Pilipino, Ingles, Matematika, Agham at ang tinatagu-riyang Makabayan. Pinagsama-sama sa Makabayan ang dating magkakahiwalay na *subject* na Araling Panlipunan; Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan; Musika, Sining at Edukasyong Pangkatawan; at Kagandahang Asal para sa elementarya. Para naman sa hayskul, pinag-isaa sa Makabayan ang Araling Panlipunan (tumatalakay sa Kasaysayan at Pamahalaan, Asian Studies, World History at Economics sa apat na baitang ng secondaryong edukasyon); Teknolohiya at Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan; Musika, Sining at Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan; at Edukasyon sa Pagpapahalaga. Mistulang malaki ang oras na inilaan sa Makabayan kumpara sa iba pang *subject*. Subalit sa aktwal, binawasan ang oras sa pagtuturo ng mga paksang nakapaloob dito para idagdag sa iba pang *subject* ng BEC.

IPINAPATAW NG DEPED ANG BEC SA LAYUNING IBAYONG hulmhin ang kabataan bilang mga kawal ng “globalisasyon”. Mismong si Education Sec. Raul S. Roco ang nagsambit na nais ituro ng BEC ang “patriotismo” na kumikilala sa “pagsasandigan ng mga bansa (*global interdependence*)”—sa madaling sabi, sa lubos na pagpapailalim sa imperyalistang “globalisasyon”.

Ang pagbibigay-diin ng BEC sa mga bokasyunal at teknikal na mga pagsasanay ay ibinatay sa mga rekomendasyon ng Asian Development Bank (ADB) at World Bank (WB) noon pang 1998. Nakasaad rito na



ang kakayahan ng Pilipinas na maging “kompetitibo” ay nakasalalay sa pagkakaroon ng mga gradweyt na may mataas na kasanayan sa paggawa sa larangan ng elektroniks, pagmamanu-paktura at serbisyong panturismo. Itinakda nito ang papel ng Pilipinas bilang tag-suplay ng mga manggagawa para sa mga multinasyunal.

Ang pagbabawas naman sa mga pangunahing *subject* ay alinsunod sa dikta ng ADB at WB na *i-streamline*

ang kurikulum para makatipid at matiyak ang pagbabayad ng Pilipinas ng utang laluna sa mga imperyalistang institusyon gaya nito.

MALINAW NA ANG BEC AY BAHAGI LAMANG NG SERYE NG mga diumano'y reforma sa sistema ng edukasyon na itinutulak ng International Monetary Fund (IMF) at WB mula pa noong dekada 1970.

Noon pa mang 1962 ay binalak na ng IMF-WB na pondohan ang sistema ng edukasyon sa bansa tungo sa pagpapalawak ng bokasyunal na pag-aaral. Ito'y upang mas makatugon ang pwersa sa paggawa ng Pilipinas sa mga pangangailangan ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Batay sa isang sarbey na pinondohan ng US, noong 1972 ay ipinataw ng diktadurang Marcos ang Presidential Decree 6-A o Educational Development Decree. Sa ilalim nito, binigyang-diin ang pagsasanay ng mga manggagawang teknikal at bokasyunal. Ipinalathala ang mga teksbuk sa Instructional Materials Corporation, isang institusyon ng pinondohan din ng US, upang matiyak na aayon sa dikreto ang nilalaman ng mga libro sa paaralan.

Noong 1974, upang itulak ang paparaming mag-aaral na kumuha ng teknikal o bokasyunal na kurso, nilimitahan ang bilang ng mga pumapasok sa kolehiyo sa pamamagitan ng National College Entrance Examination (NCEE). Bagaman paglao'y pinalitan

ito ng National Secondary Achievement Test, nanatili ang NCEE sa esensya.

Nang ipataw ng rehimeng Marcos ang Education Act of 1982, tuluyan nang tinalikuran ng estado ang obligasyong bigyan ng serbisyon pang-edukasyon ang mamamayan. Lumiit na nang lumiit ang badyet sa edukasyon. Hinayaan ang mga pribadong paaralan na gawin itong negosyo sa pamamagitan ng walang-rendang pagtataas ng matrikula.

Ang mga hakbang na ito ay ipinagpatuloy lamang sa mga ipinatupad na programa sa sistema ng edukasyon ng mga sumunod na rehimen (*tingnan ang Talaan*). AB

Ilan pang mga programang ipinatupad sa sistema ng edukasyon mula 1986

- **Program for Decentralized Education (PRODED) para sa elementarya at Secondary Education Development Program (SEDP), dekada 1980.** Pinalitan nito ang kurikulum ng elementarya at hayskul para tumutok na lamang sa pagpapaunlad ng kasanayang sa pagbasa, pagsulat at aritmetik, na kinakailangan sa pagpasok sa mga pabrika o paghahandikrap. Pinaikli ang oras para sa sibika, kultura at matematika.
- **RA 6655 o Batas na nagtadhana ng libreng hayskul, 1988.** Idineklara na libre ang matrikula sa mga pampublikong hayskul. Tiniyak na nilalaman ng kurikulum para sa sekundaryong edukasyon ang mga bokasyunal at teknikal na kurso na “magbibigay sa mga estudyante ng mapagkakakitaang empleyo”.
- **General Agreement on Trade in Services (GATS), 1998.** Ibayong pinagtibay ang pagging komersyalisado ng edukasyon nang ibinukas ito sa pagpasok ng mga dayuhang korporasyon.
- **Long-Term Higher Education Development Plan.** Sistematiskong binawasan ang bilang ng mga kolehiyo at unibersidad na sinusubsidyuhan ng estado mula 109 hanggang 25 pagsapit ng taong 2005. Sa ilalim ng rehimeng Estrada, tuluy-tuloy pang binawasan ang badyet para sa mga paaralang ito.
- **Pagbubuo ng Technical Education Skills Development Authority (TESDA), 1994.** Pinangasiwaan nito ang mga programa sa teknikal at bokasyunal na pagsasanay at apprenticeship ng mga estudyante. Bahagi nito ang pagpapatupad ng Dual Training System Act, ang malawakang pagpapa-practicum sa mga estudyante sa mga dambuhalang korporasyon.
- **Commission on Higher Education (CHED) Memo No. 59.** Nilimita nito ang mga kurso sa agham panlipunan.

Kolonyal na oryentasyon ng sistema sa edukasyon



NOONG 1900, ANG Pilipinas ay pinamamahalaan pa ng kolonyal na gubernong Amerikano sa pamamagitan ng Philippine Commission. Sa bisa ng Act No. 74 ng komisyong ito, nagpadala ng 1,000 Amerikanong guro, ang Thomasites (pinangalanan batay sa barkong USS Thomas na kanilang sinakyahan patungong Pilipinas); itinayo ang Department of Public Instruction; inorganisa ang mga paaralang pangguro, agrikultural, bokasyunal at pangmarino at nagbuhos ng di bababa sa \$700,000 para sa mga gusali, kagamitan at sweldo. Layunin nitong gamitin ang edukasyon upang magkintal ng kolonyal na kaisipan imbes na kritikal na pag-iisip at patriyotismo.

Ipinadala ang Thomasites sa Pilipinas upang palaganapin ang maka-imperialistang pilosopiya at kultura at palabnawin ang mga makabayan at progresibong ideya. Upang mapadulas ito, pinalaganap nila ang wikang Ingles. Pinalaganap din nila ang kamalayang mga bandido at magnanakaw ang mga rebolusyonaryong Pilipino. Nilayon ng Thomasites na paamuin ang mamamayan upang maluwag nilang yakapin ang kolonisasyon. Bahagi ito ng kampanyang pasipikasyon ng pamahalaang militar ng US sa bansa sa gitna ng sumisiklab na digmaang Pilipino-Amerikano.

Sa layuning maghubog ng mga elitistang lider na magsisilbi sa mga planong pampulitika at pang-

ekonomya ng US sa bansa, itinatag ang Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong 1908. I hinulma ang kurikulum at pinili ang materyales sa pagtuturo rito alinsunod sa aktwal na direksyon ng imperyalismong US.

Nagsilbi sa monopolyong interes ng US ang pagbuhos ng mga dayuhang donasyon sa UP at paglaganap dito ng mga institusyon at proyekto sa pananaliksik na pinondohan ng US Agency for International Development, WB, Leo Fulbright Foundation, Ford Foundation at mga katulad na imperyalisang ahensya at institusyon. Bukod sa UP, nagsilbi na rin ang iba pang kolehiyo at unibersidad ng estado sa ganitong layunin.

Nagsanay din ng maraming Pilipinong iskolar sa mga unibersidad sa US at mga upsyal-militar sa mga paaralang militar ng US. Ganito ang nilaman ng mga dekadang “pagsanay” ng US sa mga Pilipino para sa “sariling paggugubyerno at demokrasya”, bago pa man pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Matapos itatag ng US ang neokolonial na estado sa Pilipinas sa anyo ng papet na republika noong 1946, napanatiling nasa kontrol at mapagsasyang impluwensya nito ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga pandaigdigang ahensyang tulad ng WB. Lipos ng anti-komunismo at paglilinang ng paghanga sa “kaayusang Amerikano”, umiting ang pagdirehe at pagdisenyo ng US at mga pandaigdigang ahensya nito sa mga programa sa pag-aarial, libro at mga *scholarship*. Ang pag-iisip ng mga guro at mag-aarial ay signipikanteng inimpluwensyahan ng mentalidad na kontra sa pambansa at demokratikong mga adhikain ng mamamayan. Sa gayon, sinikap ng imperyalismong US na pigilang mag-alab ang makabayani at rebolusyonaryong diwa sa hanay ng mamamayan. **AB**

Matrikula muling tumaas ngayong pasukan



HABANG NAGLULUNSAD NG PROTESTA ANG MAMAYAN laban sa pagtaas sa presyo ng tubig, langis at kuryente, tinututulan naman ng mga estudyante ang pagtataas ng matrikula at pagpapataw ng iba’t ibang mga bayarin sa mga eskwelahan ngayong Hunyo.

Nag-anunsyo na ang CHEd na magtataas ng matrikula ang 357 pribadong kolehiyo at unibersidad sa buong bansa. May abereyds na 13% ang itinaas ng mga matrikula. Halos 28% ng 1,271 pribadong kolehiyo at unibersidad ang nagtaas ng matrikula nang mula 10-110%. Nasa Kamaynilaan ang 96 sa mga eskwelahan na nagtaas ng matrikula. Pinakamalaki ang itinaas ng J.P. Sison General Hospital and Colleges sa Maynila (111%). Aabot naman nang 85% ang itinaas ng matrikula sa mga kolehiyo at unibersidad sa Western Visayas.

Inianunsyo na rin ng DepEd mismo na 103 sa 981 pribadong *preschool* (paaralan ng paghahanda para sa elementarya) sa Kamaynilaan ang magtataas ng matrikula nang hanggang 30% sa darating na pagbubukas ng eskwela.

Ang tanging aksyon ng DepEd ay magtanong sa mga eskwelahan kung lalampas ba sa 5% ang sisingiling karagdagan sa matrikula at hingan ang mga ito ng ulat. Ito'y upang diumano'y alamin kung ang alokasyon ng itinaas ng matrikula ay ayon sa regulasyon:

- 70% para sa sweldo ng mga guro
- 20% para sa pagpapaunlad ng pasilidad at pagpapabuti ng serbisyo ng paaralan
- 10% para sa tubo

Wala sa pusisyon kapwa ang DepEd at CHEd na pigilan ang pagtaas ng singil sapagkat walang batas ang bansa na pumipigil dito. Ang iba’t ibang panukala sa Kongreso na nagtangkang ilimita sa isang takdang porsyento ang maaaring itaas ng matrikula ay hindi umuusad. Masahol pa, sa panukalang Tuition Fee Rationalization Act (TFRA) sa Kongreso ngayon, nais pahintulutan ang pagtataas nang hanggang 15% nang walang konsultasyon.

Mariin itong tinutuligsa ng mga militanteng grupo ng kabataan. Nitong Mayo 20, naglabas ng pahayag ang National Union of Students of the Philippines na nagbabasura sa naturang panukala. Anito, lalo lamang mapagkakaitan ng edukasyon ang kabataang Pilipino dahil sa TFRA. Kaugnay nito, mula noong Mayo ay pana-panahong naglulunsad ng mga pagkilos sa lansangan ang mga estudyante at kabataan sa pangunguna rin ng Anakbayan, League of Filipino Students at Students Christian Movement. **AB**

Kampanya sa niyugan

Mga magsasaka sa Bikol, umaani ng tagumpay

Bunsod ng pagdagsa ng humigit-kumulang 3,000 nagpoprotestang magniniyog sa Cosay Oil Mills sa Pili, Camarines Sur noong Marso 16, naitaas ang presyo ng kopra mula P9.80 tungong P11.00 bawat kilo. Ang mga magniniyog ay kabilang sa prubinsyal na tsapter ng militanteng Bicol Coconut Planters' Association, Inc. (BCPAI) at nagsmula sa mga bayan ng Nabua, Balatan, Bato, Bula, Baao, Buhi at Iriga City.

Sakay ng mahigit 40 dyip at trak, nag-*caravan* ang mga magsasaka mula sa Nabua. Bago tumuloy sa bayan ng Pili, nagpiket sila sa tapat ng mga upisina sa Baao ng repermistang Philippine Rural Reconstruction Movement at Pambansang Koalisyon ng Samahan ng mga Magsasaka at Manggagawa sa Niyugan. Binatikos nila ang pagpapanggap ng dalawang *non-government organization* bilang kinatawan ng mga magniniyog sa pakikipag-areglo kay Danding Cojuangco kaugnay ng pondong *coco levy*.

Pagdating sa Cosay Oil Mills, hindi inabot ng mga magsasaka ang may-aring si Victor Cosay kaya nabigo ang binalak na kumprontasyon. Ang pamilyang Cosay ang pinakamalaking negosyante ng niyog at iba pang produktong agrikultural sa Bikol. Noong Abril 6, bumalik sa *oil mill* ang 100 lider ng mga magniniyog at itinuloy ang kumprontasyon. Napwersa si Cosay na itaas ang presyo ng kopra, ipatanggal ang kaltas para sa resiko at ipa-*calibrate* ang mga timbang upang tiyaking walang daya sa mga ito.

Mahigit 2,000 namang magniniyog ang lumahok sa isa pang pagkilos na pinangunahan ng BCPAI sa Pasacao, Camarines Sur noong Marso 18. Nagrali sa tapat ng Bicol Oil Mills ang mga magniniyog na nagsmula sa mga bayan ng San Fernando, Pasacao, Pamplona, Libmanan, Sipocot at Bula sa nasabi ring prubinsya. Nagpiket din sila sa tapat ng bahay ni Apeng Olivan, may-ari ng *oil mill*, upang kumprontahan siya ngunit hindi siya nagpakita sa kanila. Bago tapusin ng mga magsasaka ang aktibidad at organisadong umuwi, nagkaroon ng bahagyang tensyon nang magbanta ang mga pulis ng munisipyo na bubuwagin ang rali dahil hanggang sa plasa lamang daw ang pahintulot na ibinigay dito.


ANG MGA PAGKILOS NA ITO AY PANIMULANG SIKAD SA REHIYON NG ISANG PAMBANSANG KAMPAÑA SA NIYUGAN NA SINIMULAN NG KILUSANG MAGBUBUKID NG PILIPINAS, BCPAI AT PIGLAS-TIMOG KATAGALUGAN NOONG

Enero. Sa harap ng lumuluhang kahirapan at kaapihan ng maliliit na magniniyog, nagpapanibagong-sigla ang BCPAI matapos ang ilang taong pagiging di aktibo.

Habang isinusulong ang kampanya, tuluy-tuloy ang muling pagbubuong pang-organisasyon ng BCPAI mula sa antas ng rehiyon hanggang sa mga munisipal na tsapter. Inilunsad noong Abril 2 ang panrehiyong asembliya nito sa Legazpi City. Inihalal dito ang panrehiyong pamunuan at binatangkas ang pangkalahatang programa ng pagkilos ng organisasyon.

Pinagkaisahan sa asembliya ang apat na pangunahing panawagan ng mga magniniyog sa kasalukuyang kampanya: (1) itaas ang presyo ng kopra tungong P20.00 bawat kilo, katumbas ng isang kilong bigas; (2) alisin ang resikong kinakaltas sa presyo; (3) itigil ang pandaraya sa timbang ng kopra; at (4) ibalik ang pondong *coco levy* sa maliliit na magniniyog. Bukod sa mga ito ay nagkakaisa rin ang BCPAI sa paglaban sa militarisasyon sa kanayunan at sa kaakibat nitong mga paglabag sa karapatang-tao.

MAHALAGANG IGPAW ANG PAGPAPANIBAGONG-SIGLA NG BCPAI AT ANG MASIGASIG NA PANGUNGUNA NITO SA KAMPAÑA SA NIYUGAN SA BIKOL. KASABAY NG MGA MAGNINIYOG SA TIMOG KATAGALUGAN AT IBA PANG REHIYONG KALAHOK SA NAGPAPATULOY NA KAMPAÑA, UMAANI NG TAGUMPAY ANG MGA MAGSASAKANG BIKOLANO. **AB**



Ang lusong ni Mang Jose

Ang sumusunod ay pinaikling bersyon ng artikulong lumabas sa **Pasa Bilis**, rebolusyonaryong pangmasang pahayagan ng rehiyong Timog Mindanao

Madalas naming inihahapag na problema noon sa aming grupo kung paano mapalalaki ang aming ani. Ang mga kasamang kumikilos sa aming lugar ang unang humimok sa amin na mag-*lusong* o magsagawa ng kolektibong pagsasaka.



Noong hindi pa pinag-uusapan ang *lusong*, naglunsad muna ang mga kasama at ang mga nasa organisasyong masa ng malalim na pag-aaral hinggil sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka sa kanayunan. Tinalakay dito kung paanong mula sa pagkakaisa ay magkakaroon ng kapangyarihan kaming maliliit dito sa kanayunan sa harap ng pagsasamantala sa amin ng mga panginoong maylupa at mga negosyante-usurero. Dito rin namin tinalakay at naunawaan

ang malaking bentaha ng *lusong* para mapalaki ang aming ani at matugunan ang lumalaking pangangailangan ng aming pamilya.

Noong wala pang *lusong*, hindi ko makaya ang kulang-kulang dalawang ektarya ng sakahan, kahit tulungan pa ako ng aking asawa at isang anak na lalaki. Sapat-sapat lamang ang isang ektarya pero sagad na talaga ang aming kawayan.

Ngunit nang simulan na namin ang *lusong*, ang dating walong araw na pagtatabas ay nagagawa sa isang araw lamang dahil walo kaming aktibong kasapi ng aming grupo. Pagkatapos sa aking sakahan, doon naman kami sa lupa ng ibang kasapi. Bunga nito, lumawak ang aming sakahan at nadagdagan ang aming ani. Bukod sa mais, nakapagtatanim pa kami ng mani at mongo.

Kaya mula sa dati kong ani na kulang-kulang limang *borden* (sakong 60-70 kilo ang maaaring lamnin), ngayon ay umaabot na ito sa walo hanggang 10 *borden* ng hinimay na mais, katumbas ng walong buwang konsumo.

Gayunman, may ilan pa rin kaming hinaharap na problema. Ang iba, hindi sanay sa dire-

diretsong trabaho, gusto laging napapahinga. May ilan ding napakabagal magtrabajo. Mayroon ding mabilis pero hindi naman masinop ang trabaho.

Ito'y dahil nasanay tayong magtrabajo nang solo. Matagal matanggal ang ganitong nakasanayan. Kaya walang-pagod kami sa pagpapaliwanag sa malaking bentaha ng *lusong*.

Mahalagang paraan din ang pagpupunahan pagkatapos ng bawat trabaho dahil napag-uusapan kaagad ang aming mga pagkukulang at kung ano ang dapat pang paunlarin.

Inspirasyon din sa amin ang antas na inabot ng kolektibong pagsasaka sa ibang lugar. Halimbawa ang pagkakaroon ng komunal na sakahan kung saan ginagamit ang *workpoints* para kwentahin ang oras na iniambag ng bawat indibidwal. Pagsapit ng partihan, ang bahagi ng bawat isa ay nakabatay sa iniambag niyang trabaho.

Sa kabilang banda, ibinahagi rin namin ang aming karanasan sa *lusong* sa iba pang kalapit-baryo.

Dahil sa pagtatrabajo namin nang kolektibo, nagiging mas malapit ang relasyon naming magkakapitbahay. Napag-uusapan namin ang aming mga problema at kung papaano makakatulong dito ang bawat kasapi at ang organisasyon sa kabuuan.

Sabi nga ng mga kasamahan kong magsasaka, "Walang iwanan, hanggang sa tagumpay." **AB**

Dynastiya sa Isabel

Sa nakaraang 40 taon, ang reaksyunaryong politika sa prubinsya ng Isabel ay nasa ilalim ng mahigpit at madugong kontrol ng *warlord* na dinastiyang Dy. Napanatili at napalawak ito sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihang burukratiko at pulisia-militar at pagmamantine ng *private army*, mga maniobrang pampolitika, tahasang pandarahas sa kanilang mga kalaban at lansakang paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan.

Nagsimulang mamayagpag ang angkang Dy noong dekada 1960 nang maging meyor ng Cauayan ang yumaong si Faustino Dy Sr. Bilang gubernador, naghari si Faustino Sr., gamit ang kamay na bakal upang supilin ang mamamayan at lipulin ang mga kalaban sa pulitika. Ginamit niya ang kapangyarihang burukratiko at pakikikutsaba sa militar upang mula sa isang maliit na kiskisan ay mapalawak ang mga negosyo ng pamilya sa lupa, agribisnes, pagtotroso at sugal.

Upang mapanatili ang kanyang pusisyon, sinuportahan ni Faustino Sr. ang lahat ng kandidato sa pagkapresidente at mabilis na kinakatigan ang sinumang nana-nalo. Nakipagtulungan siya kay Benigno Aquino Jr. noong huling bahagi ng dekada 1960 sa paniniwalang ito ang papalit kay Marcos. Nang ipataw ang batas militar noong 1972 at ikinulong si Aquino, si Dy ay kaagad na naging kroni ng diktador.


Nang mapatalsik si Marcos noong 1986, muling bumalimbing si Dy at nakuha niya ang pagkagubernador ng Isabel noong 1988. Mula noon, tiniyak ni Faustino Sr. na mahahawakan ng mga anak at apo niya ang iba't ibang pwesto sa prubinsya.

Sa kasalukuyan, ang anak ni Faustino Sr. na si Junior Dy ang gubernador ng Isabel. Ang isa pa nitong anak na si Faustino III ay kongresman ng ikalawang distrito; samantalang meyor ng Cauayan si Caesar Dy.

MARAHAS NA REKORD NG PAMILYANG DY

Madugo ang rekord ng pamilyang Dy sa Isabel. Upang bigyang-protekson ang kanilang kapangyarihan, itinransporma ni Faustino Sr. noong 1970 bilang *private army* ang mga pulis, militar at kriminal sa prubinsya. Noong 1970-72, ang Isabel ay pangalawa sa Tarlac sa bilang ng Barrio Self-Defense Unit. Noon namang 1988, kakutsaba ang 5th ID na nakabase sa Isabel, binuo ni Dy ang 15 kumpanya ng CAFGU at inarmasan ang mga ito ng 600 M14 galing kay Gen. Ramon Montaño, hepe noon ng PC-INP.

Mula pa sa panahon ni Faustino Sr., ipinapapatay ang sinumang humadlang sa kanilang monopolyong paghahari sa pulitika o maglantad sa kinasasangkutan nilang mga anomalya at iligal na aktibidad. Noong Pebrero, ipinasara ni Mayor Caesar Dy ng Cauayan ang Bombo Radyo-Cauayan dahil



sa matalas na pagbatikos nito sa mga Dy.

Walang pakundangan din ang mga pulitikong Dy sa paglaban sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi kailanman makalilimutan ang utos ng nakatatandang Dy noong 1971 para pwersahang palayasin ang 50,000 mamamayan mula sa kanilang mga tirahan sa Forest Region sa silangang Isabel. Si Dy mismo ang bumubugbog sa mga nadarakip na pinaghahinalaang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan, kayat binansagan siyang "Gobernador Dos por Dos".

IMPERYO NG PAMILYANG DY

Malalaki ang kumpanya sa pagtotroso na pag-aari, inagaw o kontrolado ng pamilyang Dy. Ang deklaradong pag-aari ng mga Dy sa 99,000 ektaryang trosohan ang pinagmumulan ng P900 milyong taunang netong kita nila. Higit pa rito ang nagmumula sa iligal na pagtotroso at ismagling ng troso patungong Taiwan.

Maging ang iba't ibang uri ng sugal ay monopolisado ng mga

Dy. Kontrolado nila ang hweteng, tong-its, Small Town Lottery (o Lotto) at *casino* sa Isabela. Noong 1988-89, ipinakana ng mga Dy, kasosyo si Rep. "Jackie" Enrile at iba pang upisyal militar, ang raket na "Pyramid Scheme" (isang huwad na paluwagan na bumibiktim sa libu-libong mamamayan).

Nagkakamal din ng yaman ang mga Dy sa pagkontrol sa mga kontrata at obras publikas. Pinakamalalaki sa mga ito ang halagang P900 milyon na Ilagan-Palanan Road (1980-85), Magat Multi-purpose Dam Project (MMDP), Maharlika Highway (1972-76) at proyektong irrigasyon ng NIA.

Noong 1980-82, nakipagkutsaba ang pamilyang Dy kay Danding Cojuangco sa pangangamkam ng lupain sa dalawang asyenda sa Isabela, ang Hacienda Sta. Isabel at Hacienda San Antonio. Sangkot din ngayon ang mga anak sa pagpapalayas sa mga magsasaka para bigyang-daan ang malalawak na plantasyon ng kamoteng kahoy ni Cojuangco, proyektong kape ng Nestle, Bt corn testing at marami pang iba. Hindi rin binitawan ng mga Dy ang kontrol sa bigas kasabwat ang Binondo Cartel.

Bumaling din sa *real estate* ang pamilyang Dy. Kabilang sa mga pag-aari nila ang Tierra Pura Subdivision, Doña Faustina, Sta. Maria Agri-Business at Isabela Hotel. Mayroon din silang mga *condominium* (gusali ng mga eksklusibong *apartment*) sa Greenhills at Quezon City.

Pag-aari rin nila ang North-eastern Publishing and Printing Corp. at kontrolado nila ang mga

pahayagang lokal sa prubinsya. May mga negosyo rin sila sa transportasyon, konstruksyon, pagkukumpuni ng mga sasakyen, pelikula at pati pornografiya (paglalabas ng malalaswang sine at komiks).

Sa nakaraang 40 taong pagkontrol ng pamilyang Dy sa pulitika sa prubinsya, naka-pagpundar sila ng bilyun-bilyong pisong imperyo sa pamamagitan ng mga maniobra at dahas. Ginagamit nila ngayong tuntungan ang mga ito para patampukan ang Isabela, sa partikular ang pinanggalingan nilang Cauayan, bilang isang "growth area" (erya ng kaularan). AB

MGA KUMPANYA SA PAGTOTROSO AT SAWMILL NG MGA DY

1. Isabela Wood Construction Development Corporation Twin Peaks Inc.
2. Sierra Madre Lumber Inc. (SMLI)
3. Consolidated Lumber and Logging Mills, Inc. (CLLMI)
4. Jones Logging Corporation (JLC)
5. Woodland Inc.
6. RCC Lumber
7. Pacific Timber Exporters Corp (PATECO)
8. Mejore Furnitures
9. Isabela Sierra Lumber and Milling Corporation (ISLAMCO) - prubinsya ng Quirino
10. Mayantoc Sawmill

Mga anti-mamamayang negosyo ni Dy sa Isabela, poprotektahan ng CAFGU

PROTEKSYUNAN NG MGA CAFGU ANG MGA ANTI-MAMAMAYANG proyekto at negosyo ng pamilyang Dy sa Isabela.

Isang kumpanya ng CAFGU ang nakatakdang magprotekta sa mga kontrobersyal na plantasyon ng kamoteng kahoy, Bt corn testing fields at sa mungkahing pagmimina ng karbon (*coal*) sa prubinsya.

Inamin mismo ni Defense Sec. Angelo Reyes sa okasyon ng ika-21 anibersaryo ng pagkakatagtag ng 5th ID ng Philippine Army noong Mayo 24, na bibigyang-protekson ng CAFGU ang naturang mga proyekto batay sa kahilingan ng gubernador ng Isabela na si Faustino Dy Jr. Nitong Mayo ay iniulat din na aarmasan ni Dy ang mga alkalde ng anim na bayan sa Isabela para labanan ang BHB at mamamayang tutol sa naturang mga proyekto.

Samantala, mariing tinutulan ng Danggayan Dagiti Mannalon iti Isabela (DAGAMI), isang organisasyon ng magsasaka, ang pagmimina ng *coal* sapagkat maapektuhan nito ang mamamayan sa 23 barangay sa mga bayan ng Naguilian at Benito Soliven at sa Cauayan City.

Ayon din sa DAGAMI, ang plantasyon ng kamoteng kahoy at ang Bt corn testing fields, na proyekto ng sabwatang Danding Cojuangco at Dy, ay magpalalayas sa libu-libong magsasaka sa mga bayan ng Quirino, Quezon, Mallig, Sta. Maria, Sto. Tomas, Delfin Albano, Ilagan, Western Cabagan, Burgos, Aurora at Gamu. AB



Pananalanta ng pasistang estado

Sumusunod ang ilang tampok na kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao mula Abril-Hunyo 2002:

HUNYO 6. Limang sibilyan ang namatay at tatlo pa ang nasugatan sa Barangay Bualan, Pikit, North Cotabato nang pagbabarilin sila ng mga tropa ng 6th ID. Pinalalabas na manganganabaw at nanlaban ang dating mga mandirigma ng MILF na kanilang pinagbabaril. Subalit kinumpirma ng isang organisador ng simbahan sa Pikit na ang mga biktima ay napaslang nang ireyd at mag-istraping sa dalawang bahay noong madaling araw ang militar. Kinilala niya ang mga biktima na sina Dokilman Duga, 48; Tata Duga, 7; Unutan Mangilay, 44; Tahir Mangilay, 30; at Tukan Midtimbang, 30. Sugatan naman ang magkapatid na Mohammad, 19, at Layse Mangilay, 2, at si Nasrodin Amerodin, 14.

MAYO 21. Pinatay ng mga sundalo mula sa 52nd Regional Command Company ng 204th Bde sina Ruben Apolinar, ang kanyang asawang si Rodriga at ang kanilang ampon na si Nina, 6, sa Barangay Ilag, San Teodoro, Oriental Mindoro. Ang mag-asawa ay *coordinator* ng Bayan Muna sa kanilang lugar.

MAYO 10. Dinukot ang isang walong buwang buntis sa harap ng Quezon City Hall at inabusó. Ang biktima ay kabilang sa istap ng Migrante International. Dinukot siya ng mga armadong kalakihan mga 10:30 n.g. Hinipuan siya at binantaang gagahasain ng mga humuli sa kanya nang wala siyang maisagot sa ginawang interogasyon sa kanya.

MAYO 4. Binaril si Marlyn Dawag Alonzo, 31 at tinutukan ng baril si Olivia Carias Cuevas, 43 sa Pangarap Village, Caloocan City. Ang mga biktima ay kabilang sa mga residenteng tumututol sa demolisyon ng Camel Development Corporation na pag-aari ni Gregorio "Greggy" Araneta III, manugang ni Imelda Marcos.

MAYO 2. Pinatay sina Mostelo Gabay, 38, at Ricardo Dulay, 37, parehong lider ng komunidad sa Purok 5,



Barangay Tagaytay, Magsaysay, Davao del Sur. Bukod sa dalawang pinatay, nasugatan din si Marivic Ayuba, 18, nang paputukan sila ng mga sundalang kabilang sa 25th IB sa pamumuno ng isang Lieutenant Soriano. Inaresto rin sina Rosalie Uripaypay, 18, Evelyn Ngujo, 37, at Eleazar Alili, 19.

Mga 5:00 n.u. nang dumating sa baryo ang humigit-kumulang sa 70 sundalo. Pinalibutan ang mga bahay nina Gabay at Dulay. Hinalughog ang isang bahay at hinuli ang tatlong pinaghahinalaang mga kasapi ng BHB. Pagkatapos nito ay pinaputukan na ang bahay. Ayon pa rin sa ulat, ninakawan pa ang mga biktima. Kabilang sa mga ninakaw ang nakaimbak na mga binhing mais.

MAYO 1. Limang tao ang pinatay kabilang ang isang guro at isang 13-taong gulang na bata sa Darong, Sta. Cruz, Davao del Sur. Walang indikasyon ng paglaban ang lima nang ipakita sa kanila ang isang *search warrant* taliwas sa ipinopropaganda ni Chief Supt. Eduardo Matillano, *regional police director* sa Timog Mindanao. Pinagbibintangan ang mga pinatay na sibilyan bilang mga teroristang may kinalaman sa pagpapasabog sa Cotabato City noong Abril.

UNANG HATI NG MAYO. Hinamlet ang mamamayang Banwaon ng Barangay Tabon-Tabon, San Luis, Agusan del Sur pagkatapos silang pagbintangan ni Mario Napungahan, isang lider ng CAFGU, ng pagkukkop ng mga Pulang mandirigmang pumatay umano sa isa niyang tauhan. Ang mga Banwaon ay sapilitang tinipon sa Kilometer 29 sa naturang bayan, malapit sa isang detatsment ng AFP. Dahil sa kagutuman, napilitan muling lumikas ang mga Banwaon patungong Balit, 22 kilometro ang layo mula sa Kilometer 29.



ABRIL 15. Minasaker ng isang seksyon ng 73rd IB at CAFGU ang anim katao sa Pangyan, Barangay

Tamugan, Marilog District, Davao City. Bukod sa anim na namatay, may anim ding nasugatan kabilang ang tatlong bata. Naganap ang masaker sa kasalan ng mga kasama sa BHB. Kabilang sa namatay si Apolonio Enoc, 64, isang lider magsasaka ng Farmers Association of Davao City at ninong sa kasal. Buhay pa si Enoc sa unang bugsuan ng putok at sa binti lamang ang tama. Sa halip na dalhin sa ospital, tinuluyan itong patayin ni Loreto "Toto" Palma, isang CAFGU. Kabilang sa mga namatay sina Edgar Blas, Jaime Dakula, Luisita Icapan, Warlito Bayanban at Charles Bayanban.



MULA ABRIL 2000. Sa Sulu, may lima nang masaker at pitong pagpatay ang nangyari. Ang mga bayan ng Patikul, Luuk, Pamanal, Talipao, Indanan at Parang ay laging target ng pambomboma at mga operasyong militar. Laganap ang pwersahang pagpapalikas, panununog ng mga bahay ng mga sibilyan, pagpatay, harassment, demolisyon at iligal na panghalughog. AB

Tugon ng mamamayan sa mga lansakang paglabag sa mga karapatang-tao sa Oriental Mindoro

SA KABILA NG MATINDING TEROR NA INIHAHASIK NG TASK FORCE BANAHAW SA ISLA ng Mindoro, nagawa pa ring maglunsad ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at Bayan Muna ng isang rali-demonstrasyon na dinaluhan ng mahigit 500 mamamayan sa Calapan City. Sa araw ng libing ni Edelberto "Choy" Napoles Jr., 26, nitong Hunyo 4, kinundena ng BAYAN at Bayan Muna ang Task Force Banahaw sa mga karumal-dumal na krimen nito sa mamamayan.

Si Napoles ang pinakahuling biktima ng pamamaslang ng *death squad* na binuo ng Task Force Banahaw na nasa pamumuno ni Col. Jovito Palparan. Si Palparan din ang kumander ng 204th Bde na nakabase sa Oriental Mindoro. Pinatay si Napoles noong Mayo 28 sa Lumangbayan, Calapan City habang ang kasama niya na si Ruel Landicho ay sugatan. Kinilala ang mga salarin na sina Aniano "Silver" Flores at Larry "Mike" Aparato, parehong taksil sa rebolusyonaryong kilusan at myembro ng *death squad* ni Palparan.

Si Napoles ay *secretary-general* ng Bagong Alyansang Makabayan at *coordinator* ng Bayan Muna sa ikalawang distrito ng Oriental Mindoro. Si Landicho naman ay organisador ng PAMALAKAYA.

Ika-16 na si Napoles sa Oriental Mindoro na biktima ng walang habas na pamamaslang ng *death squad* at ng 204th Bde. Ayon sa Bayan Muna, ilan sa mga biktima ay sina Ramon Termida, na pinatay ni Boyet Jocson noong Abril 15, 2001; Lando Cabagay na binaril ng CAFGU noong Oktubre 6, 2001; Roger Fernando na pinatay ng mga elemento ng 6th Special Force Company noong April 8, 2001; Emilio Santillan, Expedito at Manuela Albarillo, na pinaslang ng mga sundalo ng 16th IB noong Abril 8; at Ruben Apolinar at Rodriga Florida-Apolinar, na pinatay ng mga elemento ng 52nd Regional Command Company ng 204th Bde noong Mayo 21.

Iginigiit ng Bayan Muna sa rehimeng Macapagal-Arroyo na magsampa ng kasong kriminal laban kay Colonel Palparan at sa 204th Bde dahil sa serye ng mga pagpatay na ginagawa nito at ng inaalagaan nitong *death squad*. Samantala nagbanta noong Mayo 22 ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na magsasampa ng *class suit* (kasong isinasampa para sa pangkalahatang interes) laban Task Force Banahaw kapag di itinigil ang walang habas na operasyong militar sa buong isla ng Mindoro. Anang KMP, kukumbinsihin nila ang lahat ng pamilya ng mga biktima ng paglabag sa mga karapatang-tao partikular yaong mga kapamilya ng 15 sibilyang minasaker sa Naujan, Oriental Mindoro noong Mayo 16.

Pinananagot ng KMP si Col. Jovito Palparan bilang direktang responsable sa malawakang paglabag sa mga karapatang-tao. Inihapag ng KMP, ng panrehiyong organisasyon nito sa Timog Katagalugan at iba pang lokal na organisasyon sa rehiyon ang reklamo sa Department of Interior and Local Government. Iginiit na rin nito kina Defense Sec. Angelo Reyes at Lt. Gen. Roy Cimatu, bagong hepe ng AFP, ang kagyat na pagtigil ng mga operasyon sa isla. AB

Mga anti-globalisasyong pagkilos, sumusulong

Sa nakaraang dalawang taon, ibayong sumigabo ang mga paglaban sa imperyalistang “globalisasyon” sa iba’t ibang bahagi ng mundo. Kinatangian ito ng mga dambuhalang demonstrasyon sa loob at labas ng mga sentro ng kapitalismo at malalawak na mga taktikal na alyansang sumasaklaw ng ilandaang organisasyon at indibidwal. Tunay ngang hindi na makapagtapon saan mang dako ng daigdig ang mga monopolyong burges na mga negosyante at pulitiko nang hindi hinaharap ng malawakang protesta ng mamamayan. Bilang tugon, marahas na binuwag ng mga lokal na pwersang militar at pulis ang karamihan sa mga demonstrasyon.

Habang nakatuon sa iba’t ibang internasyunal na institusyon at pulong ng mga imperyalista (IMF, WB, WTO, FTAA, Group of 8, EU Summit, WEF), ang mga raling ito ay pawang lumalaban sa mga pang-ekonomyang patakaran ng imperyalismo na pumipinsala sa mga malakolonya, mga sekundaryong kapitalistang bansa at sa mamamayan ng daigdig. Palagiang tema ng mga protesta ang pagtutol sa “globalisasyon” at sa kaakibat na patakbarang liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon ng mga pambansang ekonomya.

Ilan sa pinakatampok ang sumusunod:

SEATTLE, USA: Sa tinaguriang “Battle in Seattle”, dumagsa sa lansangan ng syudad na ito noong Nobyembre 1999 ang mahigit 60,000 katao upang tutulan ang mga patakaran ng “globalisasyon”. Nakatuon ang mga demonstrasyon sa pagbubukas ng pulong ng World Trade Organization. Nang sumiklab ang kaguluhan, nagpataw ng batas militar ang gubyernong US sa mga lansangan ng Seattle at marahas na binuwag ang mga demonstrasyon. Ang “Battle in Seattle” ang kauna-unahang malaking anti-“globalisasyong” demonstrasyon na inilunsad sa mismong bakuran ng imperyalismong US.

PRAGUE, CZECH REPUBLIC: Itinaon ng mahigit 50,000 aktibista ang kanilang mga rali sa pagbubukas ng pagpupulong ng IMF at WB noong Setyembre 2000. Tulad ng inaasahan, marahas na binuwag ng mga pulis ang mga demonstrasyon.

Hindi na makapagtapon saan mang dako ng daigdig ang mga monopolyong burges na mga negosyante at pulitiko nang hindi hinaharap ng malawakang protesta ng mamamayan.

MELBOURNE, AUSTRALIA: Umabot sa 30,000 ang nagprotesta sa pagbubukas ng World Economic Forum (WEF) sa Melbourne noong Setyembre 2000.

SA BRAZIL, idinaos noong Enero 2001 ang World Social Forum na dinaluhan ng mahigit 10,000 parlamentarista, siyentista, lider unyon at aktibista mula sa iba’t ibang panig ng daigdig. Itinaon ang porum sa WEF sa Davos, Switzerland—isang pulong ng pinakamalalaking kumpanya sa buong mundo.

QUEBEC, CANADA: Naging sentro ng mga protesta ang Quebec noong Abril 2001 nang idaos dito ang Summit of the Americas. Marahas na binuwag ng pulisia ang mga rali at umabot sa 400 ang mga inarestong demonstrador.

GOTHENBURG, SWEDEN: Mahigit 20,000 ang dumagsa at nagrali sa Gothenburg habang idinaraos doon ang European Union Summit noong Hunyo 2001. Binatikos ng mga nagrali ang “globalisasyon”. Sinalakay, binatuta at pinaputukan ng mga pulis ang isang hanay ng mga demonstrador. Mahigit 500 ang inaresto at daan-daan ang nasugatan, tatlo sa kanila dahil sa tama ng bala.

GENOA, ITALY: Umabot sa 200,000 demonstrador ang marahas na dinispers

ng 20,000 pulis sa Genoa, Italy noong Hulyo 2001. Itinaon ang mga protesta sa pagbubukas ng pulong ng Group of 8 na kinabibilangan ng walong pinakamayayamang bansa sa mundo. Isang demonstrador ang binaril, napatay at pinasagasaan pa sa *armored vehicle* ng pulisia. Marami ang nasaktan at marami rin ang iligal na inaresto.

BRUSSELS, BELGIUM: Umabot sa 80,000 manggagawa at iba pang mamamayan ang nagrali sa Brussels dalawang araw bago ang pagdaraos dito ng European Union Summit noong Disyembre 2001. Iginiit ng mga nagrali ang pagpapababa ng disempleyo, mas maayos na mga serbisyo ng panlipunan, mas masaklaw na karapatian ng mga manggagawa at mas maayos na kalagayan sa paggawa.

BARCELONA, SPAIN: May 300,000 mamamayan ang nagprotesta sa Barcelona laban sa “globalisasyon”. Idinaos ito kasabay ng pagdaraos ng European Union Summit noong Marso ng taong ito. Marahas na binuwag ng mga pulis ang rali, gamit ang tirgas at iba pang instrumento para sa *riot dispersal*. Umabot sa 10 ang nasaktan at 50 ang inaresto.



WASHINGTON DC, USA: Noong Abril 2002, umabot sa 100,000 demonstrador ang nagtipon sa Washington DC, kasabay ng pagbubukas doon ng Ministerial Meeting ng WTO. Bukod sa mga panawagang anti-“globalisasyon”, nanawagan din ang mga nagrali laban sa “digmang kontra-terorismo” ng US at sa terorismo ng Israel sa Palestine. AB

Mga kilusang masa laban sa mga imperialistang dikta, lumalakas sa buong daigdig

Sa iba’t ibang dako ng mundo, kumikilos ang milyun-milyong aping mamamayan upang igiit ang kanilang mga interes at karapatan at labanan ang “globalisasyon” at iba pang dikta ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB).

Nitong unang linggo ng Hunyo, nagbantang magwelga ang mahigit 950,000 manggagawa sa Germany upang maggiit ng 6.5% pagtaas sa kanilang sahod. Kaugnay nito, nagbanta rin ng welga ang mahigit 300,000 manggagawa mula sa sektor ng seguro, bangko at serbisyo. Mula pa noong kalagitnaan ng Mayo, inilunsad ang ganitong mga pagkilos sa Berlin at iba pang lunsod ng Germany sa kauna-unahang pagkakataon mula 1920.

Noong Abril 16, may 13 milyon manggagawa sa Italy ang naglunsad ng malawakang welga na ipinawagan ng Confederazione Generale Italiana del Lavoro (CGIL), ang pinakamalaking pederasyon ng mga unyon sa bansa. Kaugnay nito, dalawang milyong mamamayan ang naglunsad ng mga aksyong masa sa lansangan sa iba’t ibang

lugar sa bansa. Dalawang milyong manggagawa rin ang nagrali sa Rome noong Marso 23.

Inilunsad ng mga manggagawa ang mga pagkilos na ito upang tutulan ang plano ng gubyerno ni Silvio Berlusconi na baguhin ang mga batas sa paggawa sa bansa upang maging mas madali ang pagsisisante at iba pang anyo ng pang-aapi sa mga manggagawa.

Sa India, mahigit 10 milyong empleyado ng gubyerno ang naglunsad ng pangkalahatang welga noong Agosto 2001 upang iprotesta ang planong pribatisasyon ng mga korporasyon ng kuryente.

Noong Agosto 2001 din, iniulat ng Congress of South African Trade Unions na umabot sa limang milyong manggagawa ang nagwelga laban sa planong pribatisasyon na itinutulak ng IMF.

Noong Hunyo 2000 sa Argentina, umabot sa 7.2 milyong manggagawa ang sumuporta sa 24-oras na pangkalahatang welga upang tutulan ang mga bagong batas sa paggawa na ipinataw ng IMF, kabilang ang ibayong pagpapababa sa minimum na sahod at pensyon.

Sa Africa, milyun-milyong mamamayan ang tumututol sa patakaran pribatisasyon at deregulasyon ng IMF. Sa Angola, libubong manggagawa mula sa pam-publikong sektor ang naglunsad ng apat-na-araw na welga laban sa programang pribatisasyon ng gubyerno at laban sa pakanang pagpapababa sa minimum na sahod.

Nagkaroon din ng malalaking pagkilos sa Kenya, Malawi, Zambia at Mozambique laban sa mga kundisyong ipinapataw ng IMF kapalit ng ipinapautang nito sa kani-kanilang gubyerno.

Noong Disyembre 2001, bago tuluyang gumuho ang sistemang pampinansya ng bansa, naganap sa Argentina ang dalawang araw ng madudugong protesta laban sa mga hakbang ng pagtitipid ng gubyerno. Noong Mayo 2000, umabot sa 80,000 ang nagpahayag ng pagtutol sa mga hakbang pagtitipid ng gubyerno na dikta ng IMF.

Sa Bolivia, humantong sa pagdedeklara ng batas militar at pag-atras ng dalawang dayuhang kumpanya sa bansa ang ilang linggong protesta ng mamamayan

doon laban sa planong pribatisasyon ng sistema sa tubig. Daan-daang libo ang tuluy-tuloy na naglunsad ng mga rali, kabilang ang mga unyon ng mga manggagawa, mga guro, ilampung organisasyon at pederasyon ng mga magsasaka at mga estudyante.

Sa Ecuador, ilampung libo ang naglunsad ng mga welga, protesta at mga pag-aalsa laban sa dolyarisasyon (pag-abanduna sa sariling salapi at paggamit sa dolyar ng US bilang kapalit) ng kanilang ekonomya at iba pang dikta ng IMF. Naging matingkad ang protesta ng mga pambansang minorya sa umpisa ng taong 2000 na nilahukan ng 40,000 katao. Batas militar ang tugon ng gubyernong Ecuadorean noong Pebrero 2001 sa malalawak na pag-aalsa ng mamamayan.

Noong Pebrero 2002, mahigit 50,000 mamamayan ang naglunsad ng demonstrasyon sa Porto Alegre, Brazil upang tutulan ang “globalisasyon”.

Nagkaroon din ng gayong mga pagkilos sa Costa Rica, El Salvador, Colombia, Paraguay, Peru at Venezuela.

Nagkaroon ng mga anti-“globalisasyong” pagkilos sa Belgium, United Kingdom at iba pang bansa sa Europe.

Sa Turkey, libu-libo ang nagprotesta noong Marso 2001 laban sa planong “pansalba” ng IMF sa pinalubog nitong ekonomya ng bansa. Noong Setyembre 2001, tinutulan ng mamamayan ang plano ng IMF, kasabvat ang gubyerno rito para itaas ang presyo ng langis, ipako ang sahog sa pinakamababang antas at “repor mahin” ang pagbubuwis.

Sa South Korea, mahigit 20,000 manggagawa ang ngrali noong Setyembre 2000 upang labanan ang pribatisasyon at *restructuring* (pagrereorganisa) ng mga korporasyon na magreresulta sa malawakang tanggan.

Mayroon ding mga protesta sa Indonesia, Malaysia, Thailand at Pilipinas. AB

Palayain ang mga detenidong pulitikal sa buong mundo!

SA BUONG MUNDO, NAGDURUSA SA LOOB NG MGA REAKSYUNARYONG piitan ang libu-libong mamamayang militanteng lumaban sa pag-iral ng mapang-api at mapagsamantalang sistema. Gaya ng 216 at paparami pang bilanggong pulitikal sa Pilipinas, sina Abdulla Ocalan, Abimael Guzman, Mumia Abu-Jamal, Tian Chua at Memik Horuz ay nakakulong sa mga piitan sa Turkey, Peru, US at Malaysia. Ito ang mga tampok na kaso ng laganap na detensyong pulitikal sa buong mundo. Ang pagpapalaya sa kanila ay iginigiit ng International League for People’s Struggles (ILPS). Patuloy na lumalakas at lumalaganap sa buong daigdig ang panawagan para sa pagpapalaya sa kanila at sa lahat ng mga detenidong pulitikal.



ABDULLA OCALAN. Nakakulong mula 1999 sa isang *isolation cell* (seldang nagbubukod sa bilanggo) sa Turkey si Ocalan. Nang madakip, siya ay tagapangulo ng Kurdistan Workers Party (PKK) na lumalaban para sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng 40 milyong Kurd sa timog-silangang Turkey. Pinatawan ng Turkish State Security Court ng sentensyang kamatayan si Ocalan sa kasong pagpatay at pagtakas sa bayan kaugnay ng pamumuno niya sa PKK at sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka.



ABIMAEI GUZMAN. Nang madakip noong 1992, si Abimael Guzman ay pinuno ng Sendero Luminoso (Partido Komunista ng Peru) na namumuno sa armadong pakikibaka sa Peru. Ikinulong siyang nagiisa sa isang selda sa ilalim ng lupa (*underground cell*). Kasalukuyan siyang maysakit dulot ng makahayop na kalagayan ng kanyang piitan.

Bukod sa pagtortur kay Guzman, patuloy na pinahirapan ng reaksyunaryong rehimeng Peru ang mga detenidong pulitikal at mga bihag ng digma sa pamamagitan ng paghihiwalay at pagkulong sa kanila sa madidilim na *concentration camp* na nakakalat sa bansa. Hindi miminsang minasaker ang daan-daang mga detenido sa loob ng mga kulungan, laluna sa ilalim ng rehimeng diktador na si Fujimori.



MUMIA ABU-JAMAL. Pinatawan ng sentensyang kamatayan si Abu-Jamal noong 1982 batay sa isang gawagawang kaso ng pagpatay sa isang pulis. Ikinulong siya sa Philadelphia sa US mula noon. Si Abu-Jamal ay dating kasapi ng Black Panther Party, isang rebolusyonaryong organisasyon ng mga Afro-American sa US.

Sundan sa “Detenidong pulitikal...”, pahina 16

Ambus inilunsad sa Calbayog City

Inambus ng isang iskwad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang trak na sinasakyang militar sa Calbayog City nitong Hunyo 4. Kaagad namatay ang isang sundalo na kabilang sa 63rd IB na nakabase sa Urdaneta Village, Lavezares, Northern Samar. Naganap ang ambus bandang alas 7 n.g. sa Tinambacan District, 30 kilometro mula sa sentro ng Calbayog City.

2 sundalo, patay sa engkwentro sa Quezon

Dalawang sundalo ang namatay sa engkwentro sa pagitan ng BHB at *composite force* ng mga militar nitong Hunyo 6. Naganap ang labanan sa Barangay Ilayang Bagumbongan, Pagbilao, Quezon. Bandang ala-una n.h. naganap ang labanan sa pagitan ng BHB at ng pinagsanib na mga elemento ng 76th IB, 4th Intelligence Security Unit, 4th Military Intelligence Group at 417th PNP Mobile Group na pinamunuan ni Lt. Jarold Jale.



Pulis, sugatan sa labanan sa Bohol

Isang pulis ang nasugatan nang makaengkwentro ng BHB ang nagpatrulyang tim ng mga pulis sa Barangay Garcia, San Miguel, Bohol nitong Hunyo 3. Nagsimula ang labanan bandang alas-5 ng hapon.

Despotikong ex-mayor pinarusahan ng BHB sa Camarines Sur

Pinarusahan ng BHB noong May 28 si Leoncio Gan, 64, dating alkalde ng Goa, Camarines Sur. Inambus ng BHB ang sasakyang ni Gan habang papalapit ito sa Goa Central School.

Malaon nang nasa talaan ng mga dapat parusahan si Gan dahil sa kanyang pagiging despotikong *warlord* at sa maraming utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Naging meyor si Gan mula 1988 hanggang 1998 at kilala sa pagiging sagadsaring kontra-rebolusyonaryo.

"Detenidong pulitikal..." mula sa pahina 15

Ang kalakasan ng organisasyong ito ay mula dekada 1970 hanggang dekada 1980.

Sapul nang patawan siya ng sentensya, si Abu-Jamal ay ipiniit sa isang *isolation cell*. Pinagbabawalan siyang makipag-usap kanino man at maglabas ng mga pahayag. Dalawang beses nang nasuspinde ang pagpapatupad ng sentensya kay Abu-Jamal dahil sa malakas na protesta sa loob at labas ng US.

TIAN CHUA. Inaresto ng pulisia ng Malaysia si Tian noong Abril 10, 2001 sa ngalan ng Internal Security Act, isang batas na nagpahintulot sa pag-arestong pansansala (*preventive arrest*) at pagbibilanggo nang walang kasu, walang paglilitis at walang-taning. Sa kabilang kawalan ng ebidsiya, idineklara ng Inspector-General ng pulisia na si Tian ay sangkot sa planong pabagsakin ang gubyerno ni Mahathir Muhammad.

Bago siya ikinulong, si Tian ay pangalawang tagapangulo ng National Justice Party at puspusang nagtatanggol sa mga karapatang-tao hindi lamang sa Malaysia kundi pati sa ibang bansa.

Dalawang buwan siyang ibinartolina bago inilipat sa notoryus na Kamunting Detention Center.



MEMIK HORUZ. Si Horuz ay inaresto noong Hunyo 2001 dahil sa paglathala ng panayam sa Kurdish Workers' Party sa kanyang pahayagan. Isa siyang progresibong mamamahayag sa Turkey na militanteng nagtatanggol sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Upisyal din siya ng ILPS.

Nakabilanggo siya sa isang *isolation cell*. Tinutulanan ito ng Turkish Medical Association at Turkish Bar Association (asosasyon ng mga abugado) dahil sa seryosong sikolohikal na epekto nito sa mga bilanggo sa bansa. AB

Hadlangan ang interbensyong militar ng US -- BHB-Dulong Timog Mindanao

Idiniin ni Dencio Madrigal, tagapagsalita ng Valentin Palamine Command (VPC) ng BHB sa Dulong Timog Mindanao, na handa ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na hadlangan ang pagpasok ng mga tropang militar ng US dito.

Sa isang pahayag, marin ding kinundena ni Madrigal ang mga teroristang atake sa Cotabato City noong Abril na ikamatay ng 15 katao at ikinasugat ng mahigit 100 pa. Ani Madrigal, ginagamit ngayon ng gubyerno ang nakababalang sitwasyon sa rehiyon upang bigyang-daan ang pagpapalawig ng interbensyong militar ng US at ang ekstensyon nito sa rehiyon. Noong Mayo 9 ay inilabas din ng Malakanyang ang Memorandum Order No. 61 na nag-uutos ng pagdagdag ng mga tropang militar sa Mindanao.

Kasabay ng paghayag ng kahandaan, nanawagan din ang VPC sa mamaayan ng Dulong Timog Mindanao na hadlangan ang interbensyong militar ng US sa rehiyon.

Tatlong pulis sugatan sa ambus ng BHB sa Sarangani

Tatlong pulis ang nasugatan nang ambisin ng isang pangkat ng BHB ang mga nagpapatrulyang elemento ng 1206th Provincial Mobile Group ng PNP noong Abril 16 sa Maasim, Sarangani. Nangyari ang ambus dakong 6:30 n.u.

Pagsanib ng 264 myembro CPLA sa AFP, tinuligsa ng BHB-Kordilyera

“May kinakandiling teroristang pangkat ang rehimeng Macapagal-Arroyo!” Ito ang ang mariing pahayag ni Ka Martin Montana, tagapagsalita ng Chadli Molintas Command (CMC) ng BHB sa Kordilyera kaugnay ng pormal na pagsanib ng 264 na myembro ng Cordillera People’s Liberation Army (CPLA) sa AFP noong Mayo. Aniya, malaki ang pananagutan ng CPLA sa rebolusyon at mamamayan dahil sa mahabang rekord ng krimen nito tulad ng pagpatay sa mga militanteng lider Igorot.

Ang integrasyon ay kinumpirma ni Defense Sec. Angelo Reyes noong Mayo 24 at pormal na sinimulan ang mga pagsasanay para rito nitong Hunyo 1. Iniutos ito ni Gloria Macapagal-Arroyo noong Setyembre 1, 2001.

May 1,200 pang elemento ng CPLA na bubuuin sa anim na kumpanya ng CAFGU at idedeploy sa anim ding prubinsya sa Kordilyera upang labanan ang BHB.

Pinabulaanan din ng CMC ang ipinagkakalat ng CPLA na naghahangad ito ng pakikipag-negosasyon sa BHB. Anang CMC, itinuturing nito ang CPLA bilang teroristang grupo at ang mga lider nito bilang mga kontrarebolusyonaryong taksil at mga kriminal na mersenaryo. Kinumpirma naman ng CMC ang pagbalik sa BHB ng ilang myembro ng CPLA dahil sa di masikmurang mga kriminal na aktibidad ng huli.

8 kalansay, nahukay sa North Cotabato

Walong kalansay ang nahukay ng mga residente ng Sityo Natipakan, Barangay Latagan, Matalam, North Cotabato noong Mayo 22 matapos ang halos 18 taong paghahanap. Ang walo ay biktima ng pananalbeyds ng mga pasistang tropa. Kinilala ng kanilang mga pamilya ang walo na sina Esperidion Tableyo, Diosdado Sarsi, Domingo Granatos, Cristituto Tanyan, Jimmy Lobitos, Norman Villavito, Jericho Cabanias at Mitchie Elejo, pawang mga sibilyang sinalbeyds ng dating PC-INP, Civilian Home Defense Forces at AFP. Pinatay ang mga biktima noong Hulyo 14, 1984 pagkatapos ng isang engkwento sa pagitan ng BHB at militar sa nasabing barangay.



CARP sa Mindanao, inutil sa harap ng komersyalisasyon ng agrikultura

Inilantad ng mismong mga sinasabing benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa Mindanao

Balita

na mula't sapul ay inutil ang CARP sa harap ng malawakang komersyalisasyon ng agrikultura sa Mindanao.

Inilantad nila sa Mindanao Caucus on Commercial Farms nitong Hunyo 7 na tinalo ng komersyalisasyon ang pagpapatupad ng CARP sa pamamagitan ng malawakang pagpatalit-gamit ng lupaing agrikultural mula pa 1988, kabilang dito ang mga lupaing naipamahagi na sa ilalim ng CARP.

Upang masaklaw ng mga komersyal na plantasyon ang mga lupaing dapat naipamahagi na sa mga magsasaka sa ilalim ng CARP, gumagawa ang mga may-ari ng plantasyon ang iba't ibang paraan upang makamit ang pagpatalit-gamit sa naturang mga lupain, pagtransporma sa mga magsasaka tungo sa pagiging manggagawang bukid na lamang, pagpapaloob sa mga magsasaka sa mga "kooperatiba" para ito na lamang ang kinokontrata ng plantasyon at pagbubuo ng mga *production profit sharing contact* (kontrata para sa hatian ng kita mula sa produksyon).

Sobra-sobrang pag-agrabyado at pagsasamantala ito sa mga magsasaka. Sa kalagayan ng mga manggagawang bukid, mas madali nang napapatalsik ang mga magsasaka mula sa mga plantasyon. Sa pamamagitan ng nailahad na mga kaparaaan, mga 20,000 manggagawang bukid sa mga plantasyon ng saging sa Mindanao na ang napatalsik sa trabaho dulot ng komersyalisasyon ng mga sakahang akala nila'y napasakanila na.



Bilang ng mga welga tumaas nang 11% sa unang 5 buwan

Tumaas nang 11% ang bilang ng welga sa buong bansa mula Enero hanggang Mayo habang 180% naman ang inilaki ng bilang ng mga manggagawang lumalahok dito. Nagbabanta pang mag-*walk out* sa trabaho ang mahigit 53,000 mula sa 292 empresa dahil sa mga nakabiting usapin sa paggawa. Tumaas din nang 22% ang bilang ng mga *strike notice* na isinampa sa Department of Labor and Employment sa loob ng pareho ring panahon. Samantala, nanganganib na mawalan ng trabaho ang libu-libong manggagawa dahil sa bantang pagsasara ng 521 komersyal na empresa bunga umano ng kahirapan sa pinansya.



Pambansang araw ng protesta

PPA, mariing tinutulan ng mamamayan

"GMA KALAMPAGIN, PPA TANGGALIN!" ITO ang tema ng akyong masa sa Kamaynilaan nitong Hunyo 5 na naghudyat sa Pambansang Araw ng Protesta laban sa *purchased power adjustment* (PPA). Ang pagkilos ay pinangunahan ng koalisyon People Opposed to Warrantless Electricity Rates (POWER) at ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN).

Bandang alas-9:00 n.u., nagtipon ang ilanlibong mamamayan sa Quezon Memorial Circle sa Quezon City at sinimulan ang protesta sa pamamagitan ng isang *motorcade*. Binagtas nito ang EDSA; Sangandaan, Caloocan City; Malate, Sta. Mesa at Sampaloc, Maynila; at tumuloy sa Welcome Rotonda, Quezon City. Nakilahok sa pagkilos ang mga doktor at iba pang empleyado ng Philippine Heart Center sa pamamagitan ng isang *noise barrage* sa bungad ng ospital.

Mula sa Welcome Rotonda, nagmartsa ang mga demonstrador patungong tulay ng Mendiola sa Maynila upang kumprontahin si Macapagal-Arroyo kaugnay ng pitong sentimong pagtaas ng singil sa PPA mula Abril hanggang Mayo. Nauna rito'y binatikos nila ang planong pribatisasyon ng National Transmission Corporation, ang kumpanyang nangangasiwa sa mga linya ng kuryenteng likha ng NAPOCOR.

Ani Lolita Donato, tagapagsalita ng POWER, "ang mahirap kay Presidente Arroyo, ayaw niyang amining bigo ang pribatisasyong aniya'y solusyon (sa mataas na singil sa kuryente)


at pinatibay lamang nito ang monopolyong kontrol sa industriya (ng kuryente”).

Sinabi naman ni Renato Reyes, tagapagsalita ng BAYAN, na ngayon ay nailantad na ng militansa ng publiko ang kamuhimuhing PPA at ang sakunang dala ng pribatisasyon sa serbisyo sa kuryente na ipinatutupad ng rehimeng Macapagal-Arroyo. “Ang susunod na hakbang ay ipagpatuloy ang mga protesta upang ganap na alisin ang PPA sa ating mga bayarin at itatag ang isang maka-Pilipinong industriya ng kuryenteng malaya sa mga monopolyo at dayuhang interes.” Idinagdag pa ni Reyes na ipagpapatuloy ng BAYAN ang mga pagkilos laban sa PPA hanggang sa okasyon ng State of the Nation Address ni Macapagal-Arroyo sa Hulyo.

Sa tulay ng Mendiola, inihudyat ng POWER at BAYAN ang sabay-sabay na *noise barrage*.

Buong maghapon ay bukas ang mga *protest center* kung saan pinatatakan ng “Paid Under Protest” ang mga *bill* ng Meralco. Rumurok ang protesta bandang alas-9:00 hanggang alas-10:00 ng gabi nang kusang magpatay ng kuryente ang iba’t ibang komunidad sa Kamaynilaan upang ipakita ang mariing pagtutol sa PPA.

Ang pambansang pagkilos laban sa PPA ay nilahukan din ng mamaayan sa Baguio City, Pampanga, Bulacan, Laguna, Legazpi City, Iloilo City, Davao City at iba pang sentrong urban.



P21B ninakaw ng mga mambabatas —Rep. Andaya

Halos 20% o P21 bilyon ng P104 bilyong *procurement budget* (badyet para sa pagbili ng mga kagamitan at suplay) ang napunta sa katiwalian at korapsyon ng mga mambabatas, mga upisyal ng gubyerno at mga kontraktor noong isang taon. Inihayag ito kamakailan ni Rep. Rolando Andaya Jr. ng Camarines Sur. Si Andaya ang tagapangulo ng *appropriations committee* ng kongreso.

Kabilang sa *procurement budget* ang *pork barrel* ng mga senador at kongresman. Bawat senador ay may P200 milyon na pondo para sa Priority Development Assistance Fund (dating tinatawag na Countrywide Development Fund) habang P65 milyon naman ang para sa bawat kongresman. Mayroon pang tinatanggap na minimum na P35 milyon ang bawat kongresman para naman sa *public works fund*. Halos 60% ng badyet para sa mga *farm-to-market road* ay napupunta rin sa korapsyon.

Ang sinasabing ninakaw na P21 bilyon pondo ay mas malaki kaysa sa badyet na P16.8 bilyon na inilaan ng gubyerno sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo at sa P11.8 bilyon para sa buong Department of Health.



NATO nagpapalawak sa Eastern Europe

Tinanggap ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) noong Mayo 14 ang Russia bilang partner diumano nito sa paglaban sa terorismo, pagkontrol sa armas at *international crisis management* (pagharap sa internasyunal na krisis). Isang araw matapos nito, pinaghandaan na ng NATO ang ekspansyon sa mga kanugnog na bansa ng Russia.

Ginagawang tuntungan ng US ang NATO upang magpalawak ng impluwensya sa Eastern Europe at makumbinse ang mga bansa ritong lumahok sa inihahandang digma ng US laban sa mga bansang ikinakategoryang “terorista”. Kasama ito sa plano ng pagpapalakas at paglalatag ng *forward stationed and deployed forces, forward deterrence forces at forward combat and expeditionary forces* sa iba’t ibang bansang may pang-ekonomya at pampolitikang interes ang US. Magsisilbi rin ang mga bansang ito bilang kliyente ng US sa ibinebentang mga kagamitang pandigma. Tinatayang makabebenta rito ang Lockheed Martin at Boeing, mga korporasyon ng US sa depensa, ng \$8-10 bilyong halaga ng mga erooplanong pandigma at \$35 bilyong halaga ng mga sandata.

Balita

Samantala, dumating sa Tbilisi, Georgia ang 18 sa 150 tropang US upang magdaos ng pagsasanay sa mga upisyal at sundalong Georgian tulad ng ginagawa sa Pilipinas sa anyo ng Balikatan. Magbibigay din ang US ng mga armas, amunisyon

at mga kagamitang pangkomunikasyon, medikal at pangkonstruksyon sa bansa. Sa kasalukuyan, may lumalakas na armadong pakikibaka ang mamamayan sa Georgia.

Nakatakdang magdaos ng espesyal na pagpupulong ang

NATO sa Nobyembre sa Prague, Czech Republic, kasama ang 10 pang bansa sa Eastern Europe na nagnanais sumapi sa organisasyon. May 17 iba pang bansa sa Eastern Europe at Central Asia na nagpaplanong sumapi sa alyansa.

Mga syudad at bayan sa Palestine, paulit-ulit na nilulusob ng mga tropang Israeli

MULI NA NAMANG NILUSOB NG MGA TROPANG ISRAELI ang lunsod ng Ramallah at pinaligiran ang himpilan ng Palestinian Authority nitong Hunyo 10. Hinalughog nila ang syudad at nang-aresto ng 60 pinagsususpectsahang militante. Umatras muli sa paligid ng syudad ang mga Israeli noong Hunyo 12, pero pinanatili nila ang pagkubkob dito. Sa paglusob rito noong Hunyo 6, pinasabog ng mga Israeli ang dalawang gusali sa syudad, bilang ganti umano sa *suicide bombing* na isinagawa ng isang Palestino isang araw ang nakaraan. Noong Hunyo 9, pinasok ng mga Israeli ang Gaza City at inaresto rito ang lider ng Islamic Jihad sa Gaza Strip.

Noong Mayo 31, nilusob ng mga Israeli ang syudad ng Nablus at ang kalapit na *refugee camp* ng Balata. Humigit-kumulang 40 tangke at APC ang lumusob sa Balata habang nakikipagdayalog si Yasser Arafat sa ilang lider ng iba't ibang bansa kaugnay ng komprehensibong batas tungo sa pagbalangkas ng konstitusyon ng Palestine.

Inaresto ng mga Israeli ang 400 Palestino, kabilang ang isang prominenteng lider sa Nablus, mga myembro ng Fatah (organisasyon sa loob ng Palestinian Liberation Organization na pinamumunuan ni Yasser Arafat), walong aktibistang nagtataguyod ng kapayapaan, isang manunulat para sa Petra News Agency ng Jordan at mga babaeng estudyante sa Nablus. Pinasabog ng mga Israeli ang dalawang bayay kung saan may natagpuan sila diumanong mga bomba.

Bago ito, nilusob ng mga tropang Israeli ang lunsod ng Hebron noong Mayo 30. Sakay ang mga nasabing tropa sa tatlong tangke, 20 APC at 20 dyip. Halos gabi-gabi ay nirereyd ng mga tropang Israeli

ang mga bahay sa syudad sa paghahanap ng mga milisya, sandata at bomba.

Sinundan ang mga ito ng muling paglusob nitong Hunyo 4 sa syudad ng Qalqilya kung saan naglagay ang mga Israeli ng tsekpoyn at nang-aresto ng pitong pinagsususpectsahang militante sa kalapit na bayan ng El Bireh. Nilusob ding muli ng mga tropang Israeli ang mga bayan ng Jenin at Bethlehem nitong Hunyo 5. Nagsagawa sila ng istraping sa Jenin gamit ang 30 tangke at mga helikopter na Apache at nang-aresto ng mga Palestino rito at sa Bethlehem.

Sa mga nakaraang linggo, halos araw-araw ay may nilulusob ang mga Israeli na mga syudad, bayan at komunidad ng Palestine para mang-aresto ng mga pinagsususpectsahang militante at mang-api sa mga Palestino.

Pabatid

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala.

Inilalabas ang **AB** sa limang mayor na lengwahe sa Pilipinas—Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Waray, bukod pa sa Ingles.

Magpadala ng blangkong *email* sa *address* ng edisyong nais ninyong tanggapin:

angbayan_updates_pilipino-subscribe@yahoogroups.com
angbayan_updates_bisaya-subscribe@yahoogroups.com
angbayan_updates_english-subscribe@yahoogroups.com
angbayan_updates_hiligaynon-subscribe@yahoogroups.com
angbayan_updates_iloko-subscribe@yahoogroups.com